# Bakuna sa COVID-19

## Ang ating susunod na hakbang upang wakasan ang pandemya.

### Kailan at saan ko makukuha ang bakuna?

- Gamitin ang covidvaccinewa.org upang hanapin ang lugar sa pagpapabakuna na malapit sa iyo.
- Tumawag sa iyong doktor o lokal na botika. Itanong kung mayroon silang listahan ng pila sa pagpapabakuna.
- O kontakin ang ating call center sa (253) 649-1412.
- Bisitahin ang tpchd.org/notify at magpalista para sa “COVID-19 community vaccination clinics.”

### Kailangan ko bang bayaran ang bakuna?

Hindi, ang bakuna ay libre, kahit na wala kang pasegurong pangkalusugan.

**Magpalista para sa mga anunsyo sa balita, mga blog at higit pa sa tpchd.org/notify**

**Alamin pa sa tpchd.org/covid19vaccine o tumawag sa (253) 649-1412.**

Tacoma-Pierce County
Health Department
*Healthy People in Healthy Communities*

## Nagkaroon na ako ng COVID-19. Nagkaroon ako ng malapit na ugnayan sa taong nagkaroon nito. Dapat ba akong magpabakuna?

Oo. Maghintay hanggang matapos ang iyong pagbukod o matapos ang panahon ng kwarantina, upang hindi mo mahawaan ang iba.

## Wala akong transportasyon. Paano ako makakapunta doon?

- Tumawag sa aming contact center sa (253) 649-1412.
- Tumawag sa 211 para sa transportasyon, pagkain, at iba pang mga mapagkukunan. Lunes hanggang Biyernes, mula 8 n.u-4 n.h. 24-oras na voicemail.

## Bakit ako dapat magpabakuna?

- Makakatulong ito upang mapanatili ka, ang iyong pamilya, at ang iyong komunidad na malusog at ligtas.
- Maaari kang makatulong na wakasan ang pinsala sa ekonomiya, maiwasan ang marami pang pagkakasakit at pagkamatay.
- Ang mga taong 65+ at 50+ na naninirahan sa mga kabahayang may iba't ibang henerasyon ay nasa pinakamalaking panganib. Iyon ang dahilan kung bakit karapat-dapat sila bago ang karamihan.

## Magbibigay ba sa akin ng sakit ang bakuna?

- Habang tumutugon ang iyong immune system, maaari kang makaranas ng pamamaga sa braso, pagkapagod, sakit ng ulo, sakit ng kalamnan, panginginig, pananakit ng kasu-kasuan, at/o lagnat.
- Ang mga ito ay dapat mawala sa loob ng 1-2 araw.
- Tawagan ang iyong doktor kung hindi mawala ang mga ito.

## Kailangan ko bang magsuot ng mask pagkatapos kong mabakunahan?

Oo, kailangan mo pa ring protektahan ang iba!

- Magsuot ng mask.
- Umagwat ng 6 na talampakan sa ibang tao.
- Manatili sa bahay kung ikaw ay mayroong sakit.
- Panatilihing maliit ang mga pagtitipon.
- Hugasan nang madalas ang iyong mga kamay.

Revised 4/6/2021